

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tatanggap ang Lungsod ng Brampton ng komplementaryong Rick Hansen Foundation Accessibility Certification ratings para sa sampung pasilidad

BRAMPTON, ON (Oktubre 1, 2020) – Sampung lokasyon ng Lungsod ng Brampton ang napiling tumanggap ng snapshot ng pagiging accessible ng gusali sa pamamagitan ng programang Rick Hansen Foundation Accessibility Certification™ (RHFAC). Sa pamamagitan ng pagtanggap nitong komplimentaryong RHFAC ratings, mas mauunawaan ng Lungsod ang mga antas ng pagiging accessible ng piling mga gusali at matutukoy ang mga pagpapahusay sa pagiging accessible sa hinaharap.

Kabilang sa sampung piling pasilidad ang:

- Lester B. Pearson Theatre
- The Rose Theatre
- POA Courthouse
- Gore Meadows Community Centre and Library
- Cassie Campbell Community Centre
- City Hall
- BFES Apparatus and Maintenance Facility
- Brampton Gateway Terminal
- Bramalea Transit Terminal
- Springdale Library

Isasagawa ng Rick Hansen Foundation ang 250 komplimentaryong rating sa piling mga munisipalidad sa buong Ontario, salamat sa pondo mula sa Pamahalaan ng Ontario. Ang programang RHFAC ay gumagamit ng mga bihasang propesyonal para magbigay ng RHFAC methodology para sa mga negosyo at pampublikong gusali para makatulong sa mga manager at mga may-ari ng ari-arian na matukoy ang mga paraan para matanggal ang mga natukoy na balakid, na mas ginagawang accessible ang kanilang mga espasyo at komunidad.

Ang mga application para sa komplimentaryong RHFAC ratings ay kasalukuyang tinatanggap para sa ikalawang round ng programa hanggang Nobyembre 30, 2020. Alamin ang mas marami pa at mag-aplay sa www.rickhansen.com/ontarioratings

Maiikling Impormasyon

- Ang RHFAC ratings ay nakatakdang magsimula sa huling bahagi ng taon na ito na inaasahang makumpleto sa taglagas (fall) ng 2021.
- Ang mga organisasyon na na-rate sa pamamagitan ng programang RHFAC ay tatanggap ng kumpidensyal na scorecard rating at report ng mahahalagang bahagi ng tagumpay at pagpapahusay sa kanilang lokasyon.
- Ang programa ay may dalawang antas ng sertipikasyon: RHF Accessibility Certified at RHF Accessibility Certified Gold.

- Ang Lungsod ng Brampton at ang [Accessibility Advisory Committee](#) nito ay dedikado sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay mag-i-enjoy sa kaparehong mga oportunidad habang sila ay namumuhay, naglalaro, dumadalaw at namumuhunan sa Brampton.

Mga Quote

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang Mosaic, at committed tayo sa pagtanggap ng mga balakid para sa mga taong may kapansanan para lubos na makakasali ang lahat sa ating diverse na komunidad. Ikinagagalak ko ang pagkakataon na matanggap ang RHFAC ratings para sa sampung napiling pasilidad ng Lungsod, at magiliw na naaalala ang unang pagdinig ng sertipikasyon ng Foundation nang makilala ko si Rick sa Ottawa at hinihikayat niya ang Lungsod na mag-aplay. Sa mas mabuting pag-unawa sa mga antas ng pagiging accessible ng ating lokasyon, makakapagpatuloy tayo na gawing mas nagsasalitang accessible ang Lungsod para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang kinatawan ng Konseho sa Accessibility Advisory Committee, ikinagagalak kong marinig na sampu sa mga lokasyon ng ating Lungsod ang tatanggap ng komplimentaryong RHFAC ratings. Ang pagtanggap ng mga balakid ay mas nagpapa-accessible sa ating lungsod para sa lahat, at sa pag-unawa sa antas ng pagiging accessible ng ating mga gusali, kaya nating gumawa ng may-kaalamang pagpapahusay sa pagiging accessible na kaayon sa at lumalampas sa panlalawigang mga regulasyon sa AODA, na nagpapahintulot sa lahat ng residente na pakinabangan ang mga pasilidad ng Lungsod.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Miyembro ng Konseho ng Accessibility Advisory Committee, Lungsod ng Brampton; Miyembro, Region of Peel Accessibility Advisory Committee*

“Sa Lungsod ng Brampton, tayo ay committed sa pagtayo ng isang Mosaic City na naglilingkod sa mga tao sa lahat ng kakayahan. Sa pagtanggap ng RHFAC ratings para sa ating sampung piling lokasyon, magkakamit tayo ng karagdagang pananaw sa kung paano gawing mas accessible ang ating mga pasilidad para sa lahat ng residente ng Brampton, at mapunta sa posisyon na gawin ang mga pagpapahusay sa ating mga pasilidad sa hinaharap nang naaayon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

